CHARLES "CHIC" SHAVER

# NGAYONG AKO'Y ISA NG KRISTYANO

## Pangunahing Pag-aaral ng Biblia para sa mga Kabataan

Pangunahing Pag-aaral ng Biblia para sa mga Kabataan
Charles "Chic" Shaver

Karapatang-ari © 2024
Nazarene Publishing House
Ang pag-aaral na ito ay inihanda ng Nazarene Youth International

Mark Gilroy, Editor
Janice J. Greeno, Editorial Assistant

Lahat ng mga siniping talata ay nagmula sa Magandang Balita Biblia, 2012

# Mga Alintuntunin para sa Kasama sa Pag-aaral

Salamat sa iyong kusang-loob na pagtulong para sa ikatututo ng isang bagong mananampalataya!

Ang mga pag-aaral na ito ay isinaayos upang makapaglaan kayo ng 1 paksang pag-aaral sa bawat linggo. At ang iba pang mga pag-aaral ay dapat na ilaan sa mga susunod na linggo.

## 1. Ang layunin ng mga pag-aaral na ito sa Biblia

Ang layunin ng gabay na ito ay upang tulungan ang mga bagong Kristyano na makatanggap ng suporta, patnubay, at kalakasang-loob mula sa isang kaibigang Kristyano. Magiging gampanin mo na tulungan sila sa pag-aaral ng Salita ng Diyos, ang samahan sila sa pananalangin, at ang bumuo ng isang makabuluhang pakikipag-kaibigan. Ang mga pag-aaral na ito ay makakatulong sa iyo na maisakatuparan ang mga ito.

## 2. Maagap na pakikipag-ugnayan at pagkikita

Kung maaari ay sikaping makipag-ugnayan agad sa isang bagong Kristyano, partikular sa loob ng 24-oras simula ng kanilang tanggapin ang Panginoon. Gamitin mo ang oras na ito upang magkasamang manalangin. Pagkatapos ay ibigay mo sa kanya ang Aralin 1 at ang Isasaulong Talata Blg. 1 (na gugupitin sa papel).

## 3. Maghanda sa bawat pag-aaral

Maglaan ng panahon na mapag-aralan mo ng maaga ang bawat aralin. Kung ikaw ay mayroong mga katanungan tungkol sa tamang sagot o sa kahulugan ng ilang mga talata, makipagkita sa iyong pastor o sa namumuno sa inyong mga kabataan. Mayroong puwang o patlang sa bawat aralin na kung saan maaaring isulat ng mga bagong Kristyano ang kanilang mga katanungan. Kung hindi mo kayang sagutin ang mga ito, sumangguni sa iyong pastor o sa tagapamuno sa inyong mga kabataan bago ang inyong susunod na pagkikita.

## 4. Magkaroon ng regular na araw at oras ng pagkikita

Magtakda ng lingguhang pagkikita at ng lugar na kung saan ninyo ito gaganapin para sa susunod na walong linggo. Makakabuti siguro kung ito'y sa bahay. Sa bawat sesyon, balik-aralan ninyo ang nakaraang aralin at siguraduhin na naisaulo nila ang isasaulong talata sa araling iyon. Pagkatapos nito ay ibigay sa kanila ang kasunod na aralin at ang kasunod na isasaulong talata. Ipagpatuloy ang prosesong ito hanggang matapos ang walong aralin.

Kung hindi natapos ng isang bagong Kristyano ang kanyang aralin, maglaan ng oras na ito'y tapusin ninyong dalawa.

## 5. Hikayatin ang espirituwal na paglago

Maglaan ng panahon sa bawat linggo para suriin ang kanilang espirituwal na paglago. Hikayatin mo silang itala ang kanilang mga kaisipan at pagmumuni-muni sa isang seksyon na pinamagatang "Ang aking espirituwal na journal." Maglaan rin kayo ng ilang sandali para sa pananalangin. Ang serye na ito ng pag-aaral ay higit na nagiging mabisa kapag may nabubuong magandang relasyon sa pagitan ng bagong Kristyano at ng kanyang kasama sa pag-aaral.

## 6. Itala ang progreso ng inyong pagkikita at pag-aaral

Gamitin ang "Talaan ng Progreso." Pagkatapos ng bawat sesyon, magsulat ng maiksing ulat kung paano naganap ang inyong pag-aaral. Makakatulong ito sa iyo na maalala ang mga partikular na pangangailangan at ang iyong pastor o ang namumuno sa mga kabataan ay magkakaroon ng kaalaman sa progresong nangyayari sa isang bagong Kristyano.

## 7. Pagkatapos ng huling aralin

- Ibigay ang Katibayan ng Pagkilala, na nilagdaan mo at ng iyong pastor (o ng namumuno sa mga kabataan). Maaaring piliin ng iyong pastor na ibigay ninyo ang katibayan na ito sa oras ng panambahan sa araw ng linggo.
- Ibigay mo rin sa pastor o sa namumuno sa mga kabataan ang Talaan ng Progreso na nakasilid sa isang envelope upang magkaroon sila ng tala tungkol sa iyong ministeryo.
- Talakayin ang isang plano para sa patuloy na espirituwal na paglago. Hikayatin mo silang manatiling nakikiisa sa simbahan at sa gawaing para sa mga kabataan. Isaalang-alang niyo rin kung pwede kayong makapagsimula ng isang munting grupo para sa pag-aaral ng Biblia, pananalangin, at personal na pagbabahagi.
- Maglaan ng sandali para pasalamatan ang Panginoon para sa pagkakataon na pwedeng matulungan na lumago ang isang bagong tagasunod ni Jesu-Cristo.

Pangalan ____________________ Petsa ____________________

# Aralin 1

## Anong Nangyari sa Akin?

### Tunay na buhay

Matagal ng kilala ni Jason si Damon at hinahangan niya ang paraan nito ng pamumuhay. Ibang-iba si Damon kumpara sa ibang mga tao na nakilala niya. Noong ang mga magulang ni Jason ay naghiwalay, naroon si Damon na nakikinig sa kanya at tumutulong sa kanya ng higit pa sa nagagawa ng iba niyang kaibigan. Sa isa nilang pag-uusap, naibahagi sa kanya ni Damon kung paanong ang personal na relasyon kay Jesu-Cristo ay bumago ng kanyang buhay. Tinanong siya ni Damon kung nais niya ring maranasan ang gayong uri ng pagbabago. Tumugon si Jason ng Oo at sila'y nanalangin ng isang simpleng panalangin. Pagkatapos nito, naging tanong ni Jason: "Alam kong sumambit ako ng panalangin sa Diyos. Alam ko rin na may kakaibang bagay na nangyari, subalit ano ba talaga ang nangyari na bumago sa akin?"

### Hanapin sa Biblia

Hanapin sa Biblia ang sagot sa mga sumusunod na tanong.

Kung wala ka pang Biblia, may mga Kristyano at may mga simbahan na ikagagalak na bigyan ka ng isa.

Kapag ang naitalang talata ay sa Juan 1:12, ito ay nangangahulugan na dapat kang pumunta sa Aklat ng Juan, sa kabanatang 1 at talatang 12. Ang index sa Biblia ay makakatulong sa iyo na makita ang pahinang numero ng bawat aklat. Hanapin mo sa Biblia ang sagot at isulat ito sa sarili mong pangungusap.

1. Noong tinanggap ko si Cristo sa pamamagitan ng personal na imbitasyon, ako ay naging isang ____________________ ng Diyos (*Juan 1:12*).
2. Ang pagdating ni Cristo sa buhay ng isang indibidwal ay isang personal na relasyon na inilarawan mismo ni Cristo sa Pahayag 3:20.
   a. Sino ang kumakatok sa pintuan? (*Tingnan ang Pahayag 1:1 para sa pagkakakilanlan.*) ____________________
   b. Sino ang maaaring sumagot sa kanyang tinig at pagkatok? ____________________
   c. Ano ang nais niyang gawin ko? ____________________
   d. Ano ang kanyang gagawin kapag binuksan ko ang pintuan? ____________________
   ____________________
   e. Paano ko bubuksan ang pintuan? (*Tingnan ang sinasabi sa Pahayag 3:19.*) ____________________
   ____________________
   f. Binuksan mo na ba ang pintuan? ____________________
   g. Nasaan si Jesu-Cristo ngayon? ____________________
3. Bakit dumating si Cristo upang tayo'y hanapin at iligtas? (*Lukas 19:10*) ____________________
4. Ayon sa Roma 3:23, bakit tayo naliligaw at napapahamak? ____________________
   ____________________
5. Ano ang parusa o kabayaran ng kasalanan, ayon sa sinasabi ng Biblia? (*Roma 6:23*) ____________________
   ____________________
6. Ayon sa Roma 5:8-9, sino ang namatay para sa aking mga kasalanan? (*Tingnan ang sinasabi sa Isaias 53:6 para sa higit pang kaalaman.*) ____________________
7. Noong ipinahayag ko ang aking mga kasalanan, ano ang ginawa ng Diyos? (*1 Juan 1:9*) (*Paunawa: ang 1 Juan o "Unang Juan" ay matatagpuan sa bandang huli ng Bagong Tipan. Ito ay isa sa mga liham ni Juan at iba sa aklat na Ebanghelyo ni Juan na matatagpuan malapit sa unahan ng Bagong Tipan.*) ____________________
8. Salungguhitan ang mga salita sa Isaias 55:7 na nagsasabi sa iyo kung ano ang dapat gawin para sa isang taus-pusong pagpapahayag ng mga kasalanan.

   *"Dapat nang talikuran ang mga gawain ng taong masama, at dapat magbago ng pag-iisip ang taong liko. Sila'y dapat manumbalik, at lumapit kay Yahweh upang kahabagan; at mula sa Diyos, makakamit nila ang kapatawaran."*

9. Ayon sa Efeso 2:8-9, paano natin matatanggap ang kaligtasan? (*Lagyan ng tsek ang kahon ng tamang sagot*):
   ☐ *a.* Ang gumawa ng maraming mabubuting bagay
   ☐ *b.* Sikaping gawin ko ang tama
   ☐ *c.* Ang tanggapin ang kapatawaran ng Diyos sa pamamagitan ng pananampalataya

10. Sa sandaling tinanggap natin ang kaligtasan at tayo'y ginawang bagong nilalang kay Cristo, ano ang layuning hatid ng Diyos para sa atin? (*Efeso 2:10*) ___

11. Sa pamamagitan nino natin makikilala ang Diyos? (*Juan 14:6, 9*) ___

12. Basahin ang 1 Juan 5:13. Ano ang mangyayari sa mga taong tunay na sumampalataya kay Jesu-Cristo na Siyang Anak ng Diyos?

    - ☐ *a.* Umaasa sila na sana'y mayroon silang buhay na walang hanggan
    - ☐ *b.* Iniisip nila na sana'y mayroon silang buhay na walang-hanggan
    - ☐ *c.* Tiyak nilang nalalaman na mayroon silang buhay na walang-hanggan

13. Kung mamatay man ako ngayong gabi, saan ako mapupunta? (*Juan 6:45-47*) ___

### Ang mga katanungan ko tungkol sa pag-aaral na ito

___

___

___

___

## Aplikasyon sa buhay

1. Magsulat ng isang maiksing pahayag na nagsasabi kung paano mo nalalaman na ikaw ay anak ng Diyos. ___

2. Ngayong ako'y muling isinilang sa espirituwal at isa ng anak ng Diyos (*Juan 3:3-7*), mangangailangan ako ng espirituwal na pagkain para lumago. Ano ang aking unang kinakailangan bilang pagkain ng aking kaluluwa? (*Mateo 4:4*). ___

***Sa ibaba ay mababasa mo ang ilang magagandang payo. Lagyan ng tsek ang bawat isa habang isinasagawa mo ang mga ito:***

- ☐ Basahin ang iyong Biblia sa araw-araw. Ito ang unang aytem sa iyong espirituwal na diyeta. Magtakda ng oras sa bawat araw. Magsimula ka sa Ebanghelyo ni Juan—isang kabanata o ilang mga talata sa araw-araw. Karamihan sa mga tanong sa seksyong "Hanapin sa Biblia" ay nagmumula sa aklat ni Juan.
- ☐ Manalangin sa araw-araw. Kausapin mo ang Diyos ayon sa laman ng iyong puso.
- ☐ Sikaping laging dumalo sa simbahan. Tiyakin na ang pupuntahan mong simbahan ay yaong nangangaral mula sa Biblia at itinataas si Cristo.
- ☐ Magsaulo ng mga talata sa Biblia. Sinasabi sa Awit 119:11, "Ang banal mong kautusa'y sa puso ko iingatan, upang hindi magkasala laban sa iyo kailanman." Ang pagsasaulo ng mga talata sa Biblia ay tumutulong sa atin na sundin ang Diyos. Kaya tiyakin mo na maisaulo ang bawat isasaulong talata sa pag-aaral na ito.
- ☐ Sundin mo ang Diyos. Kung hindi mo natitiyak kung ano ang tama o mali sa isang bagay, itanong mo, "Anong kayang gagawin ni Jesus?"
- ☐ Magpatotoo. Ibahagi sa iba ang ginawa ng Panginoon sa iyong buhay.

### Isasaulong talata

*"Tingnan mo! Nakatayo ako at kumakatok sa pintuan. Kung diringgin ninuman ang aking tinig at bubuksan ang pinto, papasok ako at kakain akong kasalo niya." (Pahayag 3:20)*

## Ang aking espirituwal na journal

___

___

___

Ngayon ay mayroon ka ng maayos na pagkakaunawa tungkol sa tanong na "Anong Nangyari sa Akin." Gayunpaman, ito'y simula lamang ng iyong makabuluhang paglalakbay – marami pang naghihintay!

Pangalan ______________________________ Petsa ____________

# Aralin 2

## Paglakad na kasama ang Diyos

### Tunay na buhay

Malungkot si Jason. Kamakailan lamang siya naging isang Kristyano at mayroon siyang nakitang mga pagbabago sa kanyang buhay. Subalit nahihirapan pa rin siya sa kanyang pag-uugali at kilos. Minsan nga, napapasagot siya ng pabalang sa kanyang ina kapag inuutusan siya nito na gawin ang mga gawaing bahay. Tuloy mas lalo siyang nalulungkot. May pagtatakang tanong ni Jason, "Pagkatapos na ikaw ay maging Kristyano, paano ka makakapamuhay na gaya ng isang tunay na Kristyano?" Marahil ay tanong mo rin ito sa iyong sarili.

Kapag ang isang sanggol ay pisikal na naipanganak, kailangan niyang magsimulang lumaki at matutunan ang paglalakad. Gayundin naman sa espirituwal. Ang anak ng Diyos ay dapat na matutong maglakad na kasama ang Diyos – ng paunti-unti.

### Hanapin sa Biblia

1. Habang binabasa mo ang Ebanghelyo ni Juan, maaari mong mapansin ang iba't ibang mga ekspresyon ngunit may parehas na kahulugan ng isang paglakad na kasama ang Diyos. Ano ang ilan sa mga ito?

   a. Juan 8:12 ______________________________

   b. Juan 1:37 ______________________________

   c. Juan 2:5 ______________________________

   d. Juan 5:14 ______________________________

2. Sino ang sumasalungat sa ating paglakad sa Diyos? (*1 Pedro 5:8*) ______________________________
   ______________________________

3. Ano ang ginawa ng demonyo ayon sa sinasabi ng Mateo 4:1? ______________________________
   ______________________________

4. Nagpadala ba si Jesus sa tukso? (*Hebreo 4:15*) ______________________________
   Ang tukso at kasalanan ba ay magkatulad? ______________________________
   (Ang tukso ay magsasabi sa iyo ng ganito, "Gusto mo ba?" Samantala, ang kasalanan ay nagsasabi ng ganito, "Gusto ko – at gagawin ko ito.")

5. Ano ang dapat nating gawin kapag ina-atake tayo ng diyablo? (*Santiago 4:7*) ______________________________
   ______________________________

6. Sinasabi sa Isaias 59:2, "Ang masasama ninyong gawa ang dahilan ng pagkawalay ninyo sa Diyos. Nagkasala kayo kaya hindi ninyo siya makita, at hindi niya kayo marinig." Ano ang bagay na tanging makapaghihiwalay sa akin mula sa Diyos?
   ______________________________

7. Ang isang Kristyano ba, sa pamamagitan ng kapangyarihan ni Cristo, ay magagawang iwasan ang sinasadyang kasalanan? (*1 Juan 3:9*) ______________________________

8. Kung ang isang Kristyano ay nagkasala, ano ang dapat niyang gawin ayon sa sinasabi ng 1 Juan 1:9 at 2:1? (lagyan ng tsek ang kahon ng tamang sagot)
   - ☐ *a.* Ang sabihin na wala siyang magagawa kundi ang magkasala.
   - ☐ *b.* Ang pagtakpan ang kanyang kasalanan at magkunwaring hindi niya ito nagawa.
   - ☐ *c.* Agad na lumapit sa Panginoong Jesu-Cristo, ang ipahayag ang kanyang kasalanan, at magpatuloy pa ring mamuhay para sa Diyos.

9. Kapag ang isang Kristyano ay nagkasala at inaamin niya ito sa harapan ng Diyos, ano ang gagawin ng Diyos? (*1 Juan 1:9*)
   ______________________________

10. Ayon sa Juan 14:21, ano ang pagpapatunay na ipinapakita ng pagsunod sa mga tuntunin ni Cristo? ______________________________
    ______________________________

11. Basahin ang sinasabi sa Juan 10:27-29 at sagutan ang mga sumusunod na tanong:

    a. Sino ang may buhay na walang hanggan at protektado ng kapangyarihan ng Diyos? ______________________________
    ______________________________

    b. Para maging isang tupa ni Cristo (v. 27), kailangan kong makinig sa Kanyang tinig, ang makilala niya, at ano pa?
    ______________________________

### Ang mga katanungan ko tungkol sa pag-aaral na ito

________________________________________
________________________________________
________________________________________
________________________________________

### Aplikasyon sa buhay

1. Mamuhay na kasama ang Diyos! Ito ay nangangahulugan ng pagtanggi sa tukso, pagsunod sa Diyos, at pagsunod kay Jesus. Nangako ang Diyos na kapag tayo ay tinutukso, siya ay magbibigay sa atin ng paraan upang mapaglabanan o makayanan iyon. (*1 Corinto 10:13*).
2. Sa iyong sariling pangungusap, ipaliwanag mo kung ano ang kasalanan (*tingnan ang 1 Juan 3:4 at Santiago 4:17*). __________
________________________________________
________________________________________
________________________________________
3. Anong parte o mga bahagi ng iyong buhay ang napapansin mong mabilis kang natutukso? __________
________________________________________
________________________________________
________________________________________
4. Ano ang iyong estratehiya para paglabanan ang tukso at sumunod sa Diyos? __________
________________________________________
________________________________________
________________________________________

### Isasaulong talata

*"Wala pang pagsubok na dumating sa inyo na hindi nararanasan ng ibang tao. Tapat ang Diyos, at hindi niya ipapahintulot na kayo'y subukin nang higit sa inyong makakaya. Sa halip, pagdating ng pagsubok, bibigyan niya kayo ng lakas upang makayanan ito at ng paraan upang malampasan ito." (1 Corinto 10:13)*

### Ang aking espirituwal na journal

________________________________________
________________________________________
________________________________________
________________________________________
________________________________________
________________________________________
________________________________________
________________________________________
________________________________________
________________________________________
________________________________________
________________________________________

Ang mga karagdagang gabay para sa matagumpay na pamumuhay at paglagong Kristyano ay matatagpuan sa susunod na aralin. Narito ang na-repormat at napahusay na bersyon ng Aralin 3:

Pangalan ______________________________ Petsa ______________

# Aralin 3

## Matuto mula sa Diyos

### Tunay na buhay

Hindi lamang si Jason ang natututo kung paano mamuhay bilang isang Kristyano. Si Janice man na pasulpot-sulpot lamang sa simbahan ay naantig rin ang kalooban sa pagbabagong nangyari kay Jason, na anupa't hiniling din niya sa Diyos na siya'y patawarin at muli niyang maitalaga ang kanyang sarili para sa Panginoon. Ang kanyang kasalukuyang malaking tanong ay, "Sa dinami-rami ng mga ideya tungkol sa tama at mali, paano ko malalaman ang kalooban ng Diyos at ang inaaasahan niya sa akin? Paano ko malalaman ang totoo?"

Paano natin malalaman ang totoo? Ang bahagi na "Hanapin sa Biblia" ay magtuturo sa iyo kung paano malalaman ang kalooban ng Diyos.

### Hanapin sa Biblia

1. Basahin ang Juan 17:17. Paano nito inilalarawan ang Salita ng Diyos (ang Biblia)? ______________
2. Paano ibinigay ang Banal na Kasulatan sa atin para garantiyahan ang katotohanan nito? (*2 Timoteo 3:16*) ______________
3. Ano ang gagawin ng Salita ng Diyos para sa atin, ayon sa sinasabi ng:
   a. 2 Timoteo 3:14-15 ______________
   b. Juan 15:3 ______________
   c. Gawa 20:32 ______________
4. Habang binabasa mo ang Ebanghelyo ni Juan, mapapansin mo ang mga turo na nagpapakita tungkol sa kahalagahan ng Salita ng Diyos:
   a. Ano ang ginawa ni Cristo sa salita (mga utos) ng kanyang Ama? (*Juan 8:55*) ______________
   b. Anong puwang mayroon ang Salita ng Diyos (mensahe o katotohanan) sa buhay ng ilang tao? (*Juan 8:37*) ______________
   c. Kung tayo ay nasa Diyos, ano ang gagawin natin sa kanyang salita? (*Juan 8:47*) ______________
   d. Anong gagawin ng isang tunay na disipulo ni Cristo sa salita (pahayag o katuruan)? (*Juan 8:31*) ______________
   e. Ano ang dapat nating gawin sa salita (utos, turo, o kasabihan) upang mapanatili ang espirituwal at walang hanggang buhay? (*Juan 8:51*) ______________
5. Kung minamahal ko si Cristo, ano ang gagawin ko? (*Juan 14:23*) ______________
6. Basahin ang Juan 20:31. Bakit naisulat ang Salita ng Diyos? ______________
   Ano ang kaloob na aking matatanggap kapag pinaniwalaan ko ito? ______________
7. Susubukan ng diyablo na tayo'y ibagsak, subalit binigyan tayo ng Diyos ng sandata upang talunin siya. Ito ay ang "tabak ng Espiritu,"na siyang ano? (*Efeso 6:17*) ______________
8. Paanong tinanggihan ni Jesus ang diyablo sa Mateo 4:4, 7, 10? ______________
9. Ayon sa Awit 119:11, ano ang dapat kong gawin sa Salita ng Diyos upang maiwasan ko ang magkasala sa Panginoon? ______________

### Ang mga katanungan ko tungkol sa pag-aaral na ito

____________________________________________

____________________________________________

____________________________________________

____________________________________________

## Aplikasyon sa buhay

1. Anong katotohanan mula sa Salita ng Diyos ang partikular na nakatulong sa iyo kamakailan lamang? ______________________________
2. Bakit dapat pag-aralan ng isang Kristyano ang Biblia araw-araw? ______________________________

### Isasaulong talata

*"Ang banal mong kautusa'y sa puso ko iingatan, upang hindi magkasala laban sa iyo kailanman."* (Awit 119:11)

## Ang aking espirituwal na journal

____________________________________________

Dagdag pa sa "pagkatuto na mula sa Diyos," mayroon ka pang isang pribilehiyo bilang isang Kristyano. Ito ay matututunan mo sa susunod na aralin.

Pangalan ______________________________ Petsa ______________

# Aralin 4

## Pakikipag-usap sa Diyos

### Tunay na buhay

“Paano ka makikipag-usap sa Diyos na hindi mo nakikita?” Aminado si Jason na ang tanong na ito ng kanyang kaibigan at kapit-bahay na si Mark ay nakakatawag-pansin. Isang buwan pa lamang ang lumipas simula ng siya’y maging Kristyano. Siya sana ang nagtatanong nito. Ngunit ngayon bilang isang bagong Kristyano, sinisikap niya itong sagutin. Subalit may mga pagkakataon pa rin na tila ang kanyang mga panalangin ay parang mga salita lamang sa hangin. Tanong ni Jason, “Paano ka makikipag-usap sa Diyos na hindi mo nakikita, at paano mo ito maipapaliwanag sa isang kaibigan?”

Ang sabi ng psalmista, “Sa kinaumagahan, O Yahweh, tinig ko’y iyong dinggin, at sa pagsikat ng araw, tugon mo’y hihintayin” (Awit 5:3). Kaya ating hanapin ang higit pang payo na ibinibigay ng Biblia tungkol sa kahanga-hangang gawain na tinatawag na “panalangin.”

### Hanapin sa Biblia

1. Si Jesus ba ay naniniwala sa pagkakaroon ng pribadong sandali ng pananalangin sa kanyang Ama? (*Marcos 1:35*) ________
2. Kailan ako dapat manalangin? (*Lukas 18:1*) ________
3. Anong pag-uugali o ekspresyon ang dapat na maging bahagi ng bawat panalangin? (*1 Tesalonika 5:17-18*) ________
4. Ano ang pangunahing sanhi ng hindi nasasagot na panalangin ayon sa sinasabi ng Awit 66:18? ________
5. Ano dapat ang magdikta kung ano ang ating ipapanalangin? (*1 Juan 5:14*) ________
6. May ilan ka bang natutunan mula sa Ebanghelyo ni Juan tungkol sa panalangin?
   a. Anong pribilehiyo ang taglay ng bawat Kristyano? (*Juan 16:24*) ________
   b. Ano ang layunin ng Diyos sa pagsagot sa panalangin? (*Juan 14:13*) ________
   c. Ano ang hinihingi sa atin ni Cristo upang sagutin ang ating mga kahilingan? (*Juan 15:7*) ________
7. Upang tumanggap ng kasagutan, ano ang aking dapat gawin kapag ako ay nananalangin? (*Mateo 21:22*) ________
8. Ano ang ilang mga partikular na bagay na pwede kong ipanalangin?
   a. Mateo 6:11 ________
   b. Mateo 9:38 ________
   c. Filipos 1:9 ________
   d. 1 Timoteo 2:1-2 ________
   e. Santiago 1:5 ________
9. Ano ang mag-iingat sa mga Kristyano na “huwag madaig ng tukso”? (*Mateo 26:41*) ________
10. Ang mainam na pananalangin ay yaong kakikitaan ng? (Lagyan ng tsek ang pinakamainam na sagot)
    ☐ *a.* Paggamit ng tama at relihiyosong mga salita
    ☐ *b.* Isang napakapormal at marangal na mga salita
    ☐ *c.* Nagmumula mismo sa puso

## Ang mga katanungan ko tungkol sa pag-aaral na ito

____________________________________________
____________________________________________
____________________________________________
____________________________________________

## Aplikasyon sa buhay

1. Magtala ng ilang mga partikular na bagay na nais mong sabihin sa Diyos (sitwasyon sa pamilya, mga kaibigan, eskwela, gawain sa paaralan, atbp.).

   ____________________________________________
   ____________________________________________
   ____________________________________________

2. Nakapagtakda ka na ba ng regular na oras ng pananalangin? Bagamat maaari mong naisin na manalangin sa buong araw, anong oras at saang lugar mo nais magkaroon ng espesyal na pananalangin sa bawat araw? ____________

   ____________________________________________
   ____________________________________________
   ____________________________________________

## Isasaulong talata

*"Hanggang ngayo'y wala pa kayong hinihingi sa kanya sa aking pangalan. Humingi kayo, at kayo'y tatanggap upang malubos ang inyong kagalakan." (Juan 16:24)*

## Ang aking espirituwal na journal

____________________________________________
____________________________________________
____________________________________________
____________________________________________
____________________________________________
____________________________________________
____________________________________________
____________________________________________
____________________________________________
____________________________________________
____________________________________________
____________________________________________
____________________________________________
____________________________________________
____________________________________________

Maaaring hindi mo pa nauunawaan ang malaking pribilehiyo na makipag-usap sa Makapangyarihang Diyos. Gayunma'y ang lahat ng pag-ibig at pagpapala na kanyang ipinadama sa iyo ay pupukaw sa iyong hangarin na gumawa para sa kanya, hindi ba?

Pangalan ______________________________ Petsa ____________________

# Aralin 5

## Pagbabahagi na kasama ang Diyos

### Tunay na buhay

Isang buwan na rin ang lumipas na kung saan walong magkakaibigan ang palaging nagtitipon tuwing gabi ng Martes. Sila ay sina Damon, Jason, Janice, at ang lima pa nilang kaibigan. Sila ay bumuo ng isang grupo na mananalangin, mag-aaral ng Biblia, at hihikayat sa isa't isa ng espirituwal na paglago. Sa kanilang huling pagtitipon, ang panalangin ni Angela ang siyang nakatawag ng pansin. May mga sandali na nahirapan siyang madama ang presensya ng Diyos, subalit kamakailan lamang ay naranasan niya ang isang tagumpay. Kaya naging panalangin niya, "Oh Diyos, ako ngayon ay may higit ng paniniwala sa iyo. Nais kong bigyan ka ng lugod, ang paglingkuran ka, at ibahagi sa iyo ang buo kong pagkatao, at ang lahat ng aking pag-aari."

Parehas na pahayag ang sinabi ni apostol Pablo, "Kaya nga, kung kayo'y kumakain o umiinom, o anuman ang ginagawa ninyo, gawin ninyo ang lahat sa ikararangal ng Diyos" (1 Corinto 10:31). At dito nga sa araling ito, tatalakayin natin kung paano natin ito maisasabuhay.

### Hanapin sa Biblia

1. Ayon sa Mateo 22:36-40:
   a. Gaano ko dapat mahalin ang Diyos? ______________________________
   b. Gaano ko dapat mahalin ang aking kapwa? ______________________________
2. Paano ko maipapadama ang aking pag-ibig sa Diyos at sa kapwa? (*1 Juan 5:2-3*) ______________________________
   ______________________________
3. Ano ang sinabi ni Jesus tungkol sa ganap na pagtatalaga ng sarili sa Diyos at sa kanyang gawain?
   a. Upang ang butil ng trigo ay maghatid ng mayamang ani, ano ang dapat na mangyari rito? (*Juan 12:24-25*)
   ______________________________
   b. Kung paglilingkuran ko si Jesu-Cristo sa halip na ang aking makasariling interes, ano ang gagawin ng Ama? (*Juan 12:26*) ______________________________
4. Bilang isang Kristyano, mayroon na akong bagong mga pag-uugali pagdating sa aking mga pakikipag-relasyon sa buhay na dulot na rin ng aking bagong relasyon sa Diyos. Kapag ako ay na "kay Cristo" (isang Kristyano na nakipag-isa sa kanya), ang lumang sarili ko ay pinalitan na ng ano? (*2 Corinto 5:17*) ______________________________
   ______________________________
   a. Ang aking bagong pananaw at relasyon tungkol sa mga materyal na bagay:
      1) Ngayon ay nais kong (ibigay) (itago) ang mga bagay. (Bilugan ang tamang salita) (Lukas 6:38)
      2) Lagyan ng tsek ang tatlong tamang pag-uugali pagdating sa mga bagay na ipinapahayag sa Efeso 4:28:
         - ☐ Huwag ng magnakaw.
         - ☐ Maging matiyagang manggagawa.
         - ☐ Kunin ang lahat ng pwede kong makamit sa buhay.
         - ☐ Magbahagi sa mga mahihirap.
         - ☐ Hindi mahalaga ang aking pag-uugali.
         - ☐ Italaga lamang ang sarili para sa mga pinakamainam na bagay.
   b. Ang aking bagong pananaw at relasyon sa aking kapwa:
      1) Ano ako dapat sa mga tao? (*Efeso 4:32*) ______________________________
      ______________________________
      2) Dapat kong (iwasan) (hanapin) (bilugan ang tamang salita) ang malapit na relasyon sa mga di-Kristyano upang mas higit akong makapamuhay ng matuwid (*2 Corinto 6:14*).
   c. Ang aking bagong pananaw at relasyon sa aking sarili:
      1) Sa aking pangangalaga at paggamit sa aking katawan, dapat kong alalahanin na ito ay ano? (*1 Corinto 6:19*)
      ______________________________
      2) Ano ang dapat kong gawin sa aking oras at oportunidad? (*Efeso 5:15-16*) ______________________________

5. Dapat kong ibigin ang ______________________________ (*1 Juan 2:10*), subalit hindi ko dapat ibigin ang ______________________________ (*1 Juan 2:15-16*).
6. Bakit inaasahan ng Diyos na luwalhatiin natin siya? (*1 Corinto 6:20*) ______________________________
7. Ano ang magiging resulta kapag ginawa ko na pinakamahalagang bahagi ng aking buhay ang kaharian ng Diyos (na kung saan ang Diyos ang siyang ganap na may kontrol)? (*Mateo 6:31-33*) ______________________________
8. Kapag ibinabahagi natin sa Diyos ang ating buhay bilang tugon sa kanyang pag-ibig, sino ang may higit na natatanggap? (*Marcos 10:28-30*) ______________________________

### Ang mga katanungan ko tungkol sa pag-aaral na ito

______________________________

## Aplikasyon sa buhay

Maraming paraan ang pwedeng gawin ng tao upang maibahagi ang kanilang sarili sa Diyos. Maglista ng limang partikular na paraan na maibabahagi mo ang iyong sarili sa Diyos:

1. ______________________________
2. ______________________________
3. ______________________________
4. ______________________________
5. ______________________________

### Isasaulong talata

*“Kaya nga, kung kayo’y kumakain o umiinom, o anuman ang ginagawa ninyo, gawin ninyo ang lahat sa ikararangal ng Diyos.” (1 Corinto 10:31)*

## Ang aking espirituwal na journal

______________________________

Natutunan natin na mayroong kagalakan sa pagbabahagi ng ating sarili sa Diyos. At mayroon ring espesyal na uri ng pagbabahagi kapag ating ibinabahagi si Cristo sa iba, ito’y ang pagbabahagi ng ebanghelyo. Ito ang tatalakayin natin sa susunod na Aralin.

Pangalan ______________________________________________ Petsa ____________________

# Aralin 6

## Pagbabahagi ng Aking Pananampalataya

### Tunay na buhay

Natagpuan ni Angela ang kagalakan sa puso na hindi pa niya nararanasan noong hindi pa niya naibibigay ang sarili sa Diyos. Naunawaan rin niya na nangangailangan ang iba ng ganitong parehas na pagbabago ng puso-lalo't ang kanyang panganay na kapatid na si Carl. Ang totoo niyan, nag-aalala siya tungkol sa mga bagong kaibigan ni Carl at sa pag-uugaling nangyayari rito. "Hindi ko talaga alam kung ano ang sasabihin sa kanya o kung paano ko ipapaliwanag kung paano ako binago ni Jesus," ito ang kanyang sinabi sa kanyang mga kaibigan at mga katuwang sa panalangin. Tuloy pa niya, "Subalit kung ako ay inyong ipapanalangin, naniniwala akong ipapakita sa akin ng Panginoon ang paraan upang paano ko maaakay ang aking kapatid."

Natutunan na ni Angela ang isang mahalagang Aralin, yun ay: maraming mga tao ang nakaranas ng napakagandang pagbabago na dulot ni Cristo, gayunma'y nakalimutan nilang ibahagi ito sa iba. Ang pagbabahagi ng ebanghelyo ay pagbabahagi ng ginawa ni Cristo para sa iyo.

### Hanapin sa Biblia

1. Matapos na pagalingin ni Cristo ang sinasapian ng demonyo, nagbigay siya ng partikular na utos. Anong kahulugan ng "saksi" ang makikita mo rito? (*Lukas 8:39*) ______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________

2. Ang Ebanghelyo ni Juan ay mayamang nagtuturo sa atin tungkol sa pagbabahagi ng ebanghelyo:
   a. Ang pagiging saksi (o pagpapatotoo) ay para ibahagi (pumili ng isa):
      ☐ *a.* Na ang naituro sa iyo ay katotohanan.
      ☐ *b.* Ang napakinggan mo mula sa ibang tao.
      ☐ *c.* Ang nakita mo at napakinggan – ang iyong sariling karanasan. (*Juan 3:32*)

   b. Ano ang ginagawa ni Andres sa Juan 1:40-41? ______________________________________________
   ______________________________________________

   c. Anong "gawain" ang sinabi ni Jesus na hinihingi ng Diyos na gawin natin? (*Juan 6:28-29*) ____________________
   ______________________________________________

   d. Ano ang sinabi ni Jesus na dapat nating gawin ayon sa Juan 15:16? ______________________________
   ______________________________________________

3. Kung ang pagiging isang Kristyano ang siyang pinakamahalagang bagay na nangyari sa iyo, ano ang pinakamahalagang kaloob na iyong maihahandog sa isang tao? ______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________

4. Ano ang iniutos sa atin ni Jesus na gawin ayon sa sinasabi ng Mateo 28:18-20? ______________________________
______________________________________________

5. Paano ipinakita ng mga sinaunang Kristyano na kanilang tinanggap si Cristo? (*Gawa 8:12, 35-38*) ____________________
______________________________________________

   Naisagawa mo na ba ang pahayag na ito ng pananampalataya? (Lagyan ng tsek ang nababagay sa iyo)

   ☐ Oo ☐ Pinag-iisipan
   ☐ Hindi pa ☐ Hindi ko naisip na ito'y mahalaga pala

6. Ano ang kalagayan ng mga taong hindi sumasampalataya kay Cristo? (*Juan 3:18*) ______________________________
______________________________________________

7. Kung susunod ako kay Cristo, ano ang kanyang gagawin? (*Mateo 4:19*) ______________________________
______________________________________________

8. Ayon sa 1 Pedro 3:15, paano ko maihahanda ang aking sarili para maibahagi si Cristo? ____________________
______________________________________________

9. Saan pumunta si Pablo upang katagpuin ang mga tao na babahaginan niya ng mabuting balita ni Cristo? (*Gawa 17:17; 20:20*) ______

10. Bakit kailangang nakasentro kay Cristo ang ating pagbabahagi? (*Juan 14:6*) ______

11. Bilang mga saksi o tagapagpahayag para kay Cristo, ano ang dapat na maging mensahe natin? ______
    Juan 3:16 ______
    Roma 6:23 ______
    Roma 3:23 ______
    Isaias 53:6 ______
    Juan 1:12 ______

12. Matapos na tanggapin ng isang tao si Cristo, ano ang ating responsibilidad sa kanila? (*Gawa 14:21-22*) ______

### Ang mga katanungan ko tungkol sa pag-aaral na ito

______

## Aplikasyon sa buhay

1. Ang pagbabahagi ng ebanghelyo ay naglalaman ng tatlong bahagi: (1) Ang kalagayan ng aking buhay bago ako naging Kristyano; (2) Paano ako naging isang Kristyano; (3) Ano ang kabuluhan ni Cristo sa aking buhay. Magsulat ng isang maiksing patotoo na maaari mong ibahagi sa isang kaibigan.

   ______

2. Maglista ng tatlong tao na iyong kakilala na nangangailangan kay Cristo. Ipanalangin mo sila at maghanap ng pagkakataon na makapagbahagi sa kanila.
   1. ______
   2. ______
   3. ______

### Isasaulong talata

*Sinabi ni Jesus sa kanila, "Sumunod kayo sa akin at gagawin ko kayong mga mangingisda ng mga tao." (Mateo 4:19)*

## Ang aking espirituwal na journal

______

Ngayong alam mo na, dapat mong ibahagi si Jesu-Cristo sa iba, maaari kang makaramdam ng takot na ito'y gawin. Saan ka makakatagpo ng kapangyarihan na siya'y maibahagi sa kabila ng takot na iyong nararamdaman? Iyan ang tatalakayin natin sa susunod na aralin.

Pangalan ____________________________________________ Petsa ____________________

# Aralin 7

## Puspos ng Espiritu ng Diyos

### Tunay na buhay

"Panginoon, alam mo ang aking malaking pagnanais na mamuhay para sa iyo. Gayunma'y humihingi ako ng kapatawaran sa madalas kong pagkukulang sa iyo. Nais ko na ikaw ay bigyang lugod. Nais kong ipakita sa iba kung ano ang ibig sabihin ng pagiging isang tunay na tagasunod mo. Nais kong magkaroon ng lakas ng loob na maibahagi ka sa iba. Subalit tila madalas kitang binibigo. Mayroon bang kulang sa aking buhay Panginoon?" Iyan ang taus-pusong panalangin ni Jason.

Hindi nag-iisa si Jason sa pakiramdam na mayroon siyang gustong gawin para sa Panginoon ngunit walang kakayahan na ito'y isakatuparan. Subalit ang sagot sa suliraning ito ay malinaw: kailangan natin ang dakilang kapangyarihan ng Diyos sa pamamagitan ng Kanyang Espiritu. Ito ang dahilan kung bakit iniutos ni Pablo sa mga Kristyano ng kanyang panahon na "dapat kayong mapuspos ng Espiritu" (Efeso 5:18)

### Hanapin sa Biblia

1. Naglaan si Jesus ng panahon upang ituro sa kanyang mga alagad ang tungkol sa Banal na Espiritu. Itinala ni Juan ang ilan sa mga pagtuturo na iyon:

   a. Sino ang sinabi ni Jesus na makapagbibigay sa atin ng masaganang karanasan sa Diyos (na gaya ng isang ilog na nagbibigay ng buhay)? (*Juan 7:38-39*) ____________________

   ____________________________________________

   b. Sino ang magtuturo sa atin? (*Juan 14:26*) ____________________

   c. Ang Espiritu ng katotohanan ay nagpapatotoo tungkol kanino? (*Juan 15:26*) ____________________

   d. Sa anong yugto ng buhay Kristyano unang kumikilos ang Banal na Espiritu? (*Juan 3:5*) ____________________

   ____________________________________________

2. Kanino dapat tumanggap ang mga disipulo ni Cristo ng kailangang kapangyarihan para sa pagbabahagi ng ebanghelyo? (*Gawa 1:8*) ____________________

   ____________________________________________

3. Ano ang kinailangan ni Saulo (Pablo) sa espirituwal, matapos niyang tanggapin si Cristo? (*Gawa 9:17*) ____________________

   ____________________________________________

   ____________________________________________

4. Ang mga taga-Corinto ay kulang sa kapuspusan sa Espiritu Santo. Ang katibayan nito ay nahahayag sa kanilang hindi kaaya-ayang mga pag-uugali, na gaya ng inggit, na mismong nagpapahiwatig na sila'y mga ano? (*1 Corinto 3:1, 3*) ________

   ____________________________________________

5. Ano ang espesyal na pagkilos ng Banal na Espiritu na lumilinis sa atin at itinatalaga tayo para sa Diyos? (*1 Pedro 1:2*)

   ____________________________________________

6. Ano ang ipinanalangin ni Jesus para sa kanyang mga alagad? (*Juan 17:17*) ____________________

   ____________________________________________

7. Noong ibinigay ng Diyos ang Banal na Espiritu sa mga sinaunang Kristyano, ano ang kanyang ginawa sa kanilang maruming puso? (*Gawa 15:8-9*)____________________

   ____________________________________________

8. Ano ang dapat nating gawin sa anumang bahagi ng ating buhay na hindi malinis? (*2 Corinto 7:1*) ____________________

   ____________________________________________

9. Gaanong ganap na kabanalan ang nais ng Diyos na makita sa atin? (Ang iba't ibang salin ng Biblia ay maaaring gumamit ng mga salitang may parehas na ideya: "banal," "paglilinis, o "kabanalan") (*1 Tesalonika 5:23*) ____________________

   ____________________________________________

10. Sino ang kikilos sa akin para sa "lubos na kabanalan"? (*1 Tesalonika 5:23*) ____________________

    ____________________________________________

11. Ang kautusan ng ____________________ ay nagpalaya sa akin "mula sa kautusan ng kasalanan at kamatayan." (*Roma 8:2*) ____________________

12. Anong pagkukulang tungkol sa mahalagang katangian ng buhay Kristyano ang naipapakita ng mga taga-Corinto sa kanilang masamang pag-uugali? (*1 Corinto 13:13*) ______________________________________________
______________________________________________

13. Matatanggap ko ang pag-ibig ng Diyos mula sa ______________________________ (*Roma 5:5*).
14. Matapos na ako ay puspusin ng Banal na Espiritu, hindi na ako dapat pang mamuhay ayon sa ______________, kundi ayon sa ______________________________ (*Roma 8:4-5*).

## Ang mga katanungan ko tungkol sa pag-aaral na ito

______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________

## Aplikasyon sa buhay

1. Ano ang aking kasalukuyang relasyon sa Banal na Espiritu?

______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________

2. Ang malinis at pinalakas na buhay Kristyano ay yaong pinuspos ng Espiritu at nadarama ng kapwa. Nais mo bang mapuspus ng Espiritu? Narito ang apat na hakbang:
   - ☐ Hilingin mo sa Diyos na ganap kang puspusin ng kanyang Espiritu (Lukas 11:13).
   - ☐ Isuko mo ang iyong buhay sa Diyos (Roma 12:1-2)
   - ☐ Aminin mo sa Diyos na kailangan mo ang panloob na kalinisan (Gawa 15:8-9)
   - ☐ Tanggapin mo ang nagpapabanal na Espiritu sa pamamagitan ng kilos ng pananampalataya (Gawa 15:8-9; 1 Tesalonika 5:23-24)

## Isasaulong talata

*"Nawa'y lubusan kayong gawing banal ng Diyos na siyang nagbibigay ng kapayapaan. At nawa'y panatilihin niyang walang kapintasan ang buo ninyong katauhan, ang espiritu, kaluluwa at katawan, hanggang sa pagparito ng ating Panginoong Jesu-Cristo." (1 Tesalonika 5:23)*

## Ang aking espirituwal na journal

______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________

Binabati kita sa paglagong nagawa mo sa pag-aaral na ito at maging sa iyong paglakad Kristyano. Nawa'y huwag kang huminto sa paglagong ito!

Pangalan ______________________________ Petsa ____________________

# Aralin 8

## Bahagi ng Pamilya

### Tunay na buhay

Si Jason ay nakatagpo ng pamilya. Sina Damon, Janice, at Angela ay bahagi ng pamilyang ito. Sila'y kasing-edad niya, parehas ng paaralan na pinasukan, at kaparehas sa mga interes. Subalit dagdag pa rito, itong pamilyang natagpuan ni Jason ay higit na malalim at malawak kaysa sa karaniwang pagkakaibigan. Nadarama niya rito ang malapit na ugnayan sa mga taong kabilang sa kanyang bagong simbahan, gaya ng isang 80-taong gulang na si Lola Reed at sa isang 7-taong gulang na si Jimmy. Natuklasan ni Jason na noong siya'y naging isang Kristyano, ang iba pang tunay na Kristyano ay kanyang naging mga kapatid sa Panginoon. Ang bagong pamilya na ito na iyong kinabibilangan ay tinatawag na "Iglesia." Nawa'y maipadama mo sa kanila ang isang masaganang pag-ibig.

### Hanapin sa Biblia

1. Tinutukoy ng Biblia ang mga tagasunod ni Cristo sa iba't ibang mga kaparaanan. Magbigay ng tatlong kataga na naglalarawan sa mga tagasunod ni Cristo ayon sa sinasabi ng Gawa 11:26:

   a. ____________________

   b. ____________________

   c. ____________________

2. Yamang dapat na magkaisa tayo sa ating mga gawain bilang mga Kristyano, ang Iglesia ay madalas na tinatawag na ____________________(*1 Corinto 12:27*).
3. Sino ang ulo ng Iglesia? (*Efeso 5:23*) ____________________
4. Anong gawa ni Cristo ang nagpapakita na ang Iglesia ay napakahalaga para sa kanya? (*Efeso 5:25*) ____________________
5. Upang maging bahagi ng Iglesia, ano ang dapat kong relasyon kay Cristo? (*Efeso 5:24*) ____________________
6. Ano ang kalagayan kung saan itinuro ni Pablo ang paraan ng kanyang pamumuhay kay Cristo? (*1 Corinto 4:17*) ____________________
7. Anong mga pag-aaral ang naituro sa iyo ng Ebanghelyo ni Juan tungkol sa Iglesia?

   a. Paano malalaman ng mundo na ako ay bahagi ng tunay na Iglesia (isang alagad ni Cristo)? (*Juan 13:35*) ____________________

   b. Anong espesyal na responsibilidad ang mayroon si Pedro at ang lahat ng mga pastor ngayon para sa Iglesia? (*Juan 21:16*) ____________________

8. Basahin ang 1 Corinto 11:23-26. Patuloy na ipinagdiriwang ng simbahan ang kaganapan na ito, na kung tawagin ay, "Komunyon" o "Banal na Hapunan." Ano ang ating inaalala kapag nakikibahagi tayo sa Komunyon? ____________________
9. Paano ko dapat tratuhin ang aking mga kapatid sa Panginoon sa loob ng simbahan na itinuturing kong pamilya? (*Galacia 6:2*) ____________________
10. Kapag ang Banal na Espiritu ay nagbibigay ng espesyal na mga kaloob sa mga indibidwal, ano ang kanyang layunin? (*1 Corinto 12:4, 7*) ____________________
11. May ilang mga simbahan na makapangyarihan at mapagmahal, at may iba naman na hindi. Alin sa dalawang simbahan ang nais mong makibahagi at tulungan? (Tsekan ang isa na iyong napili.)

    ☐ *a.* Ang simbahan sa Jerusalem (*Gawa 4:32-33*)

    ☐ *b.* Ang simbahan sa Laodicea (*Pahayag 3:14-17*)

12. Ano ang naging tugon ng mga sinaunang Kristyano sa turo ng mga apostol, sa pakikibahagi sa isa't isa, pagsasalu-salo sa pagkain ng tinapay, at pananalangin? (*Gawa 2:42*) ____________________

13. Saan ako dapat mag-ingat kung nais kong bigyang lugod ang Panginoon? (*Hebreo 10:25*) ____________________
____________________

### Ang mga katanungan ko tungkol sa pag-aaral na ito

____________________
____________________
____________________
____________________

### Aplikasyon sa buhay

1. Ano ang ilang mga kaloob – espesyal na mga talento – na ibinigay sa iyo ng Diyos upang itatag ang kanyang Iglesia?
____________________
____________________

2. Sa pamamagitan ng pananampalataya, ikaw ay naipagkaisa kay Cristo, at sa puntong espirituwal ay naipagkaisa rin sa kapatiran ng mga tunay na Kristyano. Maipapayo namin na isaalang-alang mo ang opisyal na pakikibahagi sa simbahan. Ang ganitong pakikibahagi ay napakahalaga at ang gawain nito ay lubhang napakalawak na kailangan ng mga Kristyano na magkaisa sa anumang kaparaanan. Sa tulong ng iyong simbahan at pastor, ikaw ay makapagpapatuloy na lumago kay Cristo. Ilang mga dahilan kung bakit ako dapat makibahagi sa simbahan: ____________________
____________________
____________________
____________________

### Isasaulong talata

*"Huwag nating kaliligtaan ang pagdalo sa ating mga pagtitipon, gaya ng nakasanayan ng iba. Sa halip, palakasin natin ang loob ng isa't isa, lalo na ngayong nakikita nating malapit na ang Araw ng Panginoon." (Hebreo 10:25)*

### Ang aking espirituwal na journal

____________________
____________________
____________________
____________________
____________________
____________________
____________________
____________________
____________________
____________________
____________________
____________________

Binabati kita sa pagkumpleto mo ng pag-aaral na ito! Napakarami pang napakagandang mga paglalakbay ang naghihintay sa iyong relasyon sa Diyos!

# *Espesyal na Pagkilala*

______________________________

PANGALAN

## Nakumpletong Pag-aaral tungkol sa Pangunahing mga Aralin sa Biblia para sa mga Kabataan

PASTOR

KASAMA SA PAG-AARAL

PETSA

*Huwag mong hayaang hamakin ka ninuman dahil sa iyong kabataan.*
*Sa halip, sikapin mong maging halimbawa sa mga mananampalataya,*
*sa iyong pagsasalita, pag-uugali, pag-ibig, pananampalataya at malinis na pamumuhay.*

1 TIMOTEO 4:12

# Talaan ng Progreso

Pangalan ______________________________

Impormasyon ng Kontak ______________________________

______________________________

______________________________

Petsa ______________________________

| Numero ng Pag-aaral | Petsa ng Pagbabalik-Loob | Mga Komento |
|---|---|---|
| 1 | | |
| 2 | | |
| 3 | | |
| 4 | | |
| 5 | | |
| 6 | | |
| 7 | | |
| 8 | | |

## Aralin 1

*Tingnan mo! Nakatayo ako at kumakatok sa pintuan. Kung diringgin ninuman ang aking tinig at bubuksan ang pinto, papasok ako at kakain akong kasalo niya.*

PAHAYAG 3:20

## Aralin 2

*Wala pang pagsubok na dumating sa inyo na hindi nararanasan ng ibang tao. Tapat ang Diyos, at hindi niya ipapahintulot na kayo'y subukin nang higit sa inyong makakaya. Sa halip, pagdating ng pagsubok, bibigyan niya kayo ng lakas upang makayanan ito at ng paraan upang malampasan ito.*

1 CORINTO 10:13

## Aralin 3

*Ang banal mong kautusa'y sa puso ko iingatan, upang hindi magkasala laban sa iyo kailanman.*

AWIT 119:11

## Aralin 4

*Hanggang ngayo'y wala pa kayong hinihingi sa kanya sa aking pangalan. Humingi kayo, at kayo'y tatanggap upang malubos ang inyong kagalakan.*

JUAN 16:24

## Aralin 5

*Kaya nga, kung kayo'y kumakain o umiinom, o anuman ang ginagawa ninyo, gawin ninyo ang lahat sa ikararangal ng Diyos.*

1 CORINTO 10:31

## Aralin 6

*Sinabi ni Jesus sa kanila, "Sumunod kayo sa akin at gagawin ko kayong mga mangingisda ng mga tao."*

MATEO 4:19

## Aralin 7

*Nawa'y lubusan kayong gawing banal ng Diyos na siyang nagbibigay ng kapayapaan. At nawa'y panatilihin niyang walang kapintasan ang buo ninyong katauhan, ang espiritu, kaluluwa at katawan, hanggang sa pagparito ng ating Panginoong Jesu-Cristo.*

1 TESALONIKA 5:23

## Aralin 8

*Huwag nating kaliligtaan ang pagdalo sa ating mga pagtitipon, gaya ng nakasanayan ng iba. Sa halip, palakasin natin ang loob ng isa't isa, lalo na ngayong nakikita nating malapit na ang Araw ng Panginoon.*

HEBREO 10:25